

# PAARALANG PAMPUROK NG PHILADELPHIA (SCHOOL DISTRICT OF PHILADELPHIA) MGA PATNUBAY SA ENROLMENT

## **Buod:**

Kapag ang isang mag-aaral ay nag-aaplay para sa pagpasok sa alinmang paaralan, nagiging responsibilidad ng paaralan na kumpletuhin ang enrolment kung siya ay nakatira sa loob ng sinasakupan ng purokto, o kumuha kaagad ng tumpak na impormasyon kung saan dapat mag-aplay ang mag-aaral.

Ang mga naninirahang estudyante ay may legal na karapatan na pumasok hanggang sa edad 21, maliban kung nakumpleto nila ang isang programa hanggang pagtatapos o balidong napatalsik. Kaya, ang nasabing mga estudyante na gustong bumalik sa paaralan ay kailangang pahintulatang mag-enrol o muling mag-enrol sa regular na mga klase sa araw.

## **Mga Pamamaraan:**

Epektibo kaagad ang sumusunod na pamamaraan ay humahalili sa lahat ng naunang mga pamamaraan at mga gawain kaugnay ng proseso ng enrolment ng mga estudyante papasok sa mga programang pampaaralan ng Paaralang Pampurok ng Philadelphia.

Ang isang bata ay kailangang pahintulatang pumasok sa paaralan sa kasunod na araw na may pasok pagkatapos ng araw nang ipresenta ang bata para sa enrolment, at sa lahat ng kaso sa loob ng limang (5) pangkalakalang araw sa pagtanggap ng paaralang pampurok ng kinailangang dokumentasyon. 22 Pa. Code §11.11(b).

## **Hiniling na Impormasyon:**

Bilang bahagi ng pagsisikap ng Purok na panatilihin ang ligtas na kapaligiran para sa mga estudyante, maaaring hilingin ng mga paaralan ang sumusunod:

- Isang kopya ng pampakilalang larawan ng magulang/guardian sa panahon ng pagpapatala. Ang kopyang ito ay itatabi sa file para sa mga layunin ng pagpapatunay ng identipikasyon ng mga taong awtorisadong sumama sa bata papunta at pauwi mula sa paaralan.
- Bukod dito, maaaring hilingin ng paaralan ang mga rekord na pangkalusugan at ng pisikal na eksaminasyon, mga rekord sa pagpasok sa paaralan, Isina-indibidwal na Programa sa Edukasyon (Individualized Education Program) at iba pang mga espesyal na rekord sa edukasyon upang mailagay ang estudyante sa naaangkop na antas/silid-aralan ng grado na may naaangkop na antas ng mga suporta,

Pakitandaan: Kahit na maaaring hilingin ng paaralan ang alinman sa impormasyong ito, hindi nila maaaring hilingin ito bilang kondisyon sa pag-enrol o pagtanggap sa isang bata at hindi nila maaaring iantala ang enrolment o pagpasok ng isang bata hanggang maibigay ang mga dokumentong ito. Maaaring i-follow up ng paaralan sa magulang/guardian ang impormasyong ito pagkatapos ma-enrol ang bata sa paaralan.

## **Kinailangang Dokumentasyon**

### **1) Patunay ng edad ng bata (Kailangan ang isa sa mga sumusunod)**

Kabilang sa katanggap-tanggap na dokumentasyon (*ang sumusunod ay mga halimbawa at hindi pinal na talaan*):

- Orihinal na birth certificate (sertipiko ng kapanganakan) ng bata
- Notaryadong kopya ng birth certificate ng bata
- Balidong pasaporte ng bata,
- Orihinal na sertipiko ng binyag na nagpapakita ng petsa ng kapanganakan ng bata
- Kopya ng rekord ng binyag - notaryado o sertipikado at nagpapakita ng petsa ng kapanganakan
- Notaryadong pahayag mula sa mga magulang o ibang kamag-anak na nagpapakita ng petsa ng kapanganakan
- Mga naunang pampaaralang rekord na nagpapahayag ng petsa ng kapanganakan

### **2) Rekord ng Pagbabakuna (Kinailangan ang isa sa sumusunod)**

Kabilang sa katanggap-tanggap na dokumentasyon ang:

- Ang rekord ng pagbabakuna ng bata,
- Isang nakasulat na pahayag ng dating paaralang pampurok o mula sa medikal na tanggapan na naibigay na ang kinailangang mga pagbabakuna, o na nagpapatuloy ang kinailangang serye.
- Pasalitang pagtitiyak mula sa dating paaralang pampurok o medikal na tanggapan na ang kinailangang pagbabakuna ay nakumpleto, na susundan ng mga rekord.

# PAARALANG PAMPUROK NG PHILADELPHIA (SCHOOL DISTRICT OF PHILADELPHIA) MGA PATNUBAY SA ENROLMENT

## Eksemsiyon (exemption) mula sa pagbabakuna

(a) *Medikal na eksemsiyon.* Hindi kailangang bakunahan ang mga bata kung ang itinalaga ng doktor ay nagbigay ng nakasulat na pahayag na ang pagbabakuna ay maaaring mapanganib sa kalusugan ng bata. Kapag pinasyahan ng doktor na ang pagbabakuna ay hindi na mapanganib sa kalusugan ng bata, ang bata ay kailangang bakunahan batay sa subchapter na ito.

(b) *Eksemsiyong panrelihiyon.* Ang mga bata ay hindi kailangang bakunahan kung ang magulang, guardian o napalayang bata ay tumututol, sa pamamagitan ng isang kasulatan, sa pagbabakuna batay sa panrelihiyong dahilan o sa basehan ng matibay na moral o etikal na paniniwala na katulad ng panrelihiyong paniniwala.

Pakitandaan: Kung ang isang estudyante ay kakasimula lang sa isang serye ng isang uri ng turok, maaari siyang i-enrol. Ang bata ay kailangang nasa proseso at tumutupad sa iskedyul ng serye (halimbawa, ang estudyante ay nakatanggap lang ng unang turok at matatanggap niya ang pangalawang turok pagkatapos ng tatlumpong araw mula sa unang turok). Paki-[click dito](#) upang makita ang Mga Rekisito sa Pagbabakuna para sa Pagpasok sa Paaralan ng Philadelphia ng Department of Health Division of Disease Control Immunization Program ng Philadelphia.

## 3) *Patunay ng Address (Tanging dalawa (2) sa sumusunod ang kailangan)*

Kabilang sa katanggap-tanggap na dokumentasyon ang: *Ang mga paaralan ay dapat flexible sa pagpapatunay ng tinitirhan, at dapat isaalang-alang kung anong impormasyon ang makatwiran kaugnay ng sitwasyon ng pamilya.*

1. Dokumento (Deed)
2. Dokumento ng kasunduan sa mortgage
3. Kasalukuyang utility bill (gas, kuryente, cable, telepono)
4. Pinakabagong bill ng buwis sa ari-arian
5. Balidong lisensiya ng pagmamaneho o card ng pagbabago ng address sa iyong kasalukuyang address
6. Sulat mula sa Social Security Office na may kasalukuyang address
7. Sulat mula sa Public Assistance Office na may kasalukuyang address
8. Ang mga sulat ng fostercare/pangangalaga sa bata at ng DHS ay katanggap-tanggap para sa pagpapatala kapag ang isang estudyante ay nasa pangangalaga ng foster/ahensiya ng pangangalaga sa bata
9. Orihinal na lease o kontrata sa pangungupahan na may (mga) pangalan ng mga magulang/mga legal na guardian at mga bata
10. Balidong ID card ng DOT
11. Kasalukuyang bill ng credit card
12. Pinakabagong rehistrasyon ng sasakyan
13. Card sa Pagpaparehistro ng Botante na nagpapakita ng kasalukuyang address
14. Pinakabagong bank statement na may kasalukuyang address
15. IRS Statement o iba pang statement sa sahod o buwis hal., W2, 1040, 1099
16. Pinakabagong Pay Stub mula sa Employer na may kasalukuyang address
17. Ang mga sulat sa paglalagay sa shelter o sa tinitirhan ay katanggap-tanggap para sa mga estudyanteng walang bahay
18. Nilagdaang kasunduan sa pagbebenta ng ari-arian, na susundan ng orihinal na kopya ng mga dokumento ng kasunduan sa loob ng 45 araw ng kalendaryo ng kasunduan

## 4) *Pahayag sa Pagpaparehistro ng Magulang (Kabilang sa H40 Student Registration Form na ibinigay ng paaralan)*

Ang isang sinumpaang salaysay na nagpapatunay kung ang estudyante ay nasuspinde o sinususpindi para sa mga pagkakasalang nag-uugnay sa mga ipinagbabawal na gamot, alak, mga sandata, pagdudulot ng pinsala o karahasan sa ari-arian ng paaralan ay kailangang ibigay upang matanggap ng isang estudyante sa alinmang entidad ng paaralan. 24 P.S. §13-1304-A. Hindi maaaring tanggihan o iantala ng paaralan ang pag-i-enrol ng paaralan sa bata batay sa impormasyong nilalaman ng pandisiplinang rekord o sinumpaang salaysay. Gayon pa man, kung ang isang estudyante ay pinatalsik sa kasalukuyan dahil sa pagkakasalang nauugnay sa sandata, maaaring magbigay ang paaralan sa estudyante ng alternatibong serbisyo sa edukasyon sa loob ng yugto ng pagkakatalsik. 24 P.S. § 13-1317.2(e.1) Kung ang pandisiplinang rekord o ang sinumpaang salaysay ay nagpapahiwatig na ang estudyante ay pinatalsik mula sa isang paaralan kung saan siya ay dating naka-enrol, dahil sa mga rason maliban sa pagkakasala kaugnay ng sandata, inirerekumenda na repasuhin ng paaralan ang naunang pagganap o performance ng estudyante at ang pampaaralang rekord upang malaman ang mga serbisyo at suporta na ibibigay pagkatapos ma-enrol sa purok (district).

## 5) *Survey sa Wika sa Bahay (Kabilang sa EH40 Student Registration Form na ibinigay ng paaralan)*

Ang mga estudyanteng naghahangad ng enrolment sa unang pagkakataon ay bibigyan ng survey sa wika sa bahay batay sa mga kinakailangan ng Tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos para sa mga Karapatang Sibil (Department of Education's Office for Civil Rights). Ang enrolment ng estudyante ay hindi maaaring maantala upang maibigay ang Survey sa Wika sa Bahay.